

Hazard Map ng Sakuna ng Pagguho ng Lupa sa Hiroshima City

Pinapakita sa mapa na ito ang mahahalagang mga lugar na may babala ng sakuna ng pagguho ng lupa at mga lugar na may mahigpit na babala ng sakuna ng pagguho ng lupa upang makumpirma ang mga lugar na may panganib ng sakuna ng pagguho ng lupa. Nakalagay din dito ang mga mahalagang shelter na dapat isaalang-alang upang lumikas mula sa delikadong lugar, at mga lagusan ng impormasyon sa panahon ng sakuna, atbp.

Bukod diyan, mangyaring tandaan na maaaring magkaroon ng pinsala sa mga lugar na hindi sakop ng mga lugar na may babala at lugar na may mahigpit na babala, at ang mga lugar na ito ay itinalaga ayon sa nakatakdang pamantayan.

Ang mapa na ito ay, nilikha upang magsagawa ng mga nararapat na kilos sa paglisan sakaling magkaroon ng sakuna ng pagguho ng lupa (daloy ng mga bato sa lupa, guho, atbp.). Bukod sa pag-iisipan nang maaga ang paglikas, mangyaring gamitin ito para lumikha ng sariling mapa para sa pag-iwas sa sakuna sa inyong lugar at mga pagsasanay sa paglikas.



Kaalaman sa Paglikas

1. Protektahan ang sariling buhay.

Ang nararapat na kilos ng paglisan at oras ng paglikas ay magkakaiba ayon sa sitwasyon ng bawat tao. Sa panahon ng emergency, alamin ang impormasyon sa paglikas, kalagayan sa paligid, atbp., at lumikas ayon sa iyong pagpapasya.

2. Maghanda ng mga kagamitang pang-emergency.

Sa paghahanda sakaling kailangang umalis at lumikas dahil sa emergency, ilagay ang minimum na kagamitang dadalhin sa panahon ng paglikas sa backpack, atbp., at ilagay ito sa lugar kung saan madali itong bitbitin paalis.

- ☐ Portable na radyo ☐ Pagkaing pang-emergency ☐ Tubig
- ☐ Flashlight/Bateria ☐ Damit ☐ Pang-araw-araw na mga kagamitan
- ☐ Medisinang pang-first aid ☐ Rain gear ☐ Cash
- ☐ Mga mahahalagang kagamitan, atbp.



3. Sikaping lumikas nang maaga.

Kapag naramdaman mong may pagbabago o panganib sa paligid, mangyaring boluntaryo na lumikas at huwag nang hintayin ang impormasyon sa paglikas gaya ng utos ng paglikas, atbp. Agad na lumikas lalo na kung ang iyong ruta ng paglikas ay nasa lugar na may babala.

4. Tawagin ang iyong mga kapitbahay.

Tawagin ang iyong mga kapitbahay at sikaping lumikas nang magkagrupo sa panahon ng paglikas.